MAIKLING KWENTO

Aginaldo ng mga Mago: Buod at Gawain

Maikling kwento ni O. Henry (The Gift of the Magi, 1905). Salin sa Filipino na pinag-aaralan sa Filipino 10: Rufino Alejandro. Ang buod at gawaing ito ay inihanda ng akingmaiklingkwento.com.

Buod

Bisperas ng Pasko sa New York. Si Della ay may piso at walumpu't pitong sentimos lamang (sa orihinal, $1.87), at animnapu rito ay baryang isa-isang inipon niya sa pakikipagtawaran sa groseri, sa tindero ng gulay at sa magkakarne. Iyon lang ang pambili niya ng aginaldo para sa asawang si Jim. Nakatira sila sa isang maliit at inuupahang apartment, at nabawasan na ang dating sahod ni Jim.

May dalawang bagay na labis nilang ipinagmamalaki: ang mahabang buhok ni Della, na halos umaabot sa ibaba ng kaniyang tuhod, at ang gintong relo ni Jim, na minana pa niya sa kaniyang ama at lolo.

Nagpasya si Della. Ipinagbili niya ang kaniyang buhok kay Madame Sofronie sa halagang dalawampung dolyar, at pagkatapos ng dalawang oras na paghahanap, binili niya ang isang kadenang platino para sa relo ni Jim. Umuwi siya na maikli na ang buhok, kinulot ito, at kinakabahang naghintay sa asawa.

Pagdating ni Jim, natigilan siya pagkakita kay Della. Hindi galit ang nasa mukha niya kundi isang damdaming hindi maunawaan ni Della. Inabot ni Jim ang kaniyang regalo: isang set ng mamahaling suklay na matagal nang pinapangarap ni Della, mga suklay na para sana sa mahabang buhok na wala na.

Masayang inabot naman ni Della ang kadena. Ngumiti si Jim at sinabing ipinagbili niya ang relo para mabili ang mga suklay. Itinabi nila ang kanilang mga aginaldo at naghanda ng hapunan.

Sa wakas ng kwento, sinabi ng tagapagsalaysay na ang mga Mago ang nagpasimula ng pagbibigay ng aginaldo tuwing Pasko, at sa lahat ng nagbibigay ng regalo, ang dalawang ito, na tila hangal na isinakripisyo ang pinakamahalaga nilang ari-arian para sa isa't isa, ang pinakamarunong. Sila ang tunay na mga Mago.

Mga tauhan

• Della (Gng. James Dillingham Young): Asawa ni Jim. Matipid, mapagmahal at mapagpasya: siya ang unang nagsakripisyo nang walang pag-aatubili. Iniisip niya kung ano ang magpapasaya kay Jim, hindi kung ano ang mawawala sa kaniya.

• Jim (James Dillingham Young): Asawa ni Della, dalawampu't dalawang taong gulang. Tahimik at mapagmahal; kahit kailangan niya ng bagong abrigo at guwantes, ang inuna niya ay ang regalo kay Della.

• Madame Sofronie: Ang negosyanteng bumili ng buhok ni Della. Maikli lamang ang paglabas niya, ngunit siya ang dahilan kung bakit nagkaroon ng pera si Della.

Kabalintunaan

• Della: ipinagbili ang buhok at bumili ng kadena, ngunit wala nang relo si Jim.

• Jim: ipinagbili ang relo at bumili ng mga suklay, ngunit wala nang mahabang buhok si Della.

Mga simbolo

• Mahabang buhok ni Della: Kagandahan at dangal ni Della; ang pinakamahalaga niyang pag-aari.

• Gintong relo ni Jim: Pamana ng pamilya at pagmamalaki ni Jim.

• Piso at walumpu't pitong sentimos: Kahirapan at pagtitipid: kahit maliit ang pera, malaki ang pagmamahal.

• Mga suklay at kadena: Mga regalong nawalan ng gamit; patunay na ang halaga ng aginaldo ay nasa sakripisyo, hindi sa bagay.

• Ang mga Mago: Ang tatlong pantas na nagdala ng regalo kay Hesus; sukatan ng tunay na karunungan sa pagbibigay.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Magkano lamang ang pera ni Della at bakit ito naging suliranin?

2. Ano ang dalawang bagay na labis na ipinagmamalaki ng mag-asawa?

3. Ano ang isinakripisyo ng bawat isa, at ano ang binili nila?

4. Ano ang kabalintunaan (irony) sa kwento?

5. Saan nagaganap ang kasukdulan?

6. Bakit tinawag silang 'mga Mago' ng tagapagsalaysay?

7. Ano ang aral ng kwento?

8. Kung ikaw si Della, gagawin mo rin ba ang ginawa niya? Bakit?

Mga sagot

1. Piso at walumpu't pitong sentimos. Bisperas na ng Pasko at kulang ito pambili ng aginaldong karapat-dapat para kay Jim.

2. Ang mahabang buhok ni Della at ang gintong relo ni Jim na minana pa sa ama at lolo.

3. Ipinagbili ni Della ang buhok para bumili ng kadena ng relo; ipinagbili ni Jim ang relo para bumili ng mga suklay.

4. Ang bawat regalo ay para sa bagay na ipinagbili na ng tatanggap: kadena para sa relong wala na, suklay para sa buhok na pinutol na.

5. Nang makita ni Jim ang maikling buhok ni Della at iabot niya ang mga suklay: dito nagtagpo ang dalawang lihim na sakripisyo.

6. Dahil ang tunay na karunungan sa pagbibigay ay ang pag-aalay ng pinakamahalaga mong pag-aari para sa minamahal, gaya ng mga Mago na nag-alay kay Hesus.

7. Ang halaga ng regalo ay wala sa presyo kundi sa pagmamahal at sakripisyong kasama nito.

8. Iba-iba ang sagot. Ipaliwanag gamit ang sariling karanasan sa pagbibigay o pagtanggap ng regalo.